Mensahe Lima

## Ang Diyos-taong Pamumuhay

Babasahin sa Kasulatan: Lev. 1:3, 9; 6:8-13; Juan 21:15-17; 1 Juan 3:14; 5:1; 2:6; 4:17; Gal. 6:2-3; Roma 8:2

**I. Ang nais ng puso ng Diyos ay yaong maparami ang realidad ng Katawan ni Kristo, na siyang "ang realidad...[na] na kay Hesus" (Efe. 4:21), ang aktuwal na kondisyon ng Diyos-taong pamumuhay ni Hesus na nakatala sa apat na Ebanghelyo, sa maraming sangkap ng Katawan ni Kristo sa pamamagitan ng Espiritu ng realidad upang maging realidad ng Katawan ni Kristo, ang pinakamataas na rurok ng ekonomiya ng Diyos (bb. 20-24):**

A. Ipinakikita sa apat na Ebanghelyo ang tularan ng buhay na ninanais ng Diyos, ang hulmahan ng buhay na makapagbibigay-kasiyahan sa Diyos at makatutupad sa Kanyang layunin; namuhay si Hesus ng isang buhay kung saan ginawa niya ang lahat ng bagay sa loob ng Diyos, kasama ang Diyos, at para sa Diyos; ang Diyos ay nasa Kanyang pamumuhay, at Siya ay kaisa ng Diyos; ganito ang ibig sabihin ng ang realidad ay na kay Hesus; ang matutuhan si Kristo kung paanong ang realidad ay na kay Hesus ay ang maihulma tungo sa tularan ni Kristo, ang maiwangis sa larawan ni Kristo—Roma 8:28-29; Efe. 4:20-21.

B. Napasasakdal tayo ng Panginoon upang maging mga Diyos-tao, ipinamumuhay ang dibinong buhay sa pamamagitan ng pagtatatwa sa ating natural na buhay ayon sa modelo ni Kristo bilang unang Diyos-tao—Mat. 11:29a; 17:5b; 1 Ped. 2:21:

1. Sa Kanyang buhay sa lupa, nagtatag Siya ng isang tularan, na inihayag sa apat na Ebanghelyo; pagkatapos ay ipinako Siya sa krus at nabuhay na muli upang maging Espiritung nagbibigay-buhay nang sa gayon ay makapasok Siya sa atin upang maging ating buhay; natututo tayo mula sa Kanya ayon sa Kanyang halimbawa, hindi sa pamamagitan ng ating natural na buhay kundi sa pamamagitan Niya bilang ating buhay sa pagkabuhay na muli—1 Cor. 15:45b; Col. 3:4.
2. Ang ating buhay-Kristiyano ay isang buhay kay Kristo at gayundin isang buhay ni Kristo sa atin; tayo ay na kay Kristo bilang hulmahan, at Siya ay nasa atin bilang ating buhay; sa ganitong paraan ay natututuhan natin si Kristo kung paanong ang realidad ay na kay Hesus; ang realidad na ito ay ang realidad ng Katawan ni Kristo—1 Cor. 1:30; 2 Cor. 1:27; Gal. 2:20; Roma 8:10

C. Habang iniibig natin ang Panginoon, kinakaugnay Siya, at nananalangin sa Kanya, awtomatiko natin Siyang ipinamumuhay ayon sa hulmahan, sa hugis, sa tularan, na inilarawan sa mga Ebanghelyo; sa ganitong paraan tayo ay nahuhubog, naiwawangis, sa larawan ng hulmahang ito—ito ang ibig sabihin ng matutuhan si Kristo—Mat. 11:29; Roma 8:29.

D. Kapag namumuhay tayo sa pinaghalong espiritu, natututuhan natin si Kristo ayon sa realidad na na kay Hesus sa pamamagitan ng Espiritu ng realidad; natututo tayo mula sa Kanya bilang ating modelo upang ang Kanyang talambuhay ay maging ating kasaysayan; ang pamumuhay ng Katawan ni Kristo bilang bagong tao ay dapat katulad na katulad ng pamumuhay ni Hesus na inihayag sa mga Ebanghelyo—Gal. 6:17-18; Roma 1:1, 9; Efe. 4:20-24; Fil. 2:5; Mat. 11:29; 1 Ped. 2:21.

E. Ang layunin ng Diyos sa pagsusugo sa Panginoong Hesus bilang isang tao ay upang maipamuhay Niya ang isang Diyos-taong buhay sa pamamagitan ng dibinong buhay; kapag kinakain natin Siya, nabubuhay tayo dahil sa Kanya upang maging isang pansansinukob na dakilang tao na katulad na katulad Niya—isang taong namumuhay ng isang Diyos-taong buhay sa pamamagitan ng dibinong buhay—Panag. 3:22-24, 55-56; Apoc. 2:4, 7; Juan 6:57, 63; Jer. 15:16; Efe. 6:17-18; Awit 119:15.

**II. Ang tanging buhay na kalugod-lugod sa Diyos ay ang buhay na isang pag-uulit ng buhay na ipinamuhay ni Kristo sa lupa; ito ay isang buhay na nararanasan si Kristo sa Kanyang mga karanasan bilang handog na susunugin—Lev. 1:9; Juan 8:29; 2 Cor. 5:9:**

A. Ang handog na susunugin ay sumasagisag kay Kristo sa Kanyang pamumuhay ng isang buhay na lubusang para sa Diyos at para sa kasiyahan ng Diyos; ang handog na susunugin ay sumasagisag din kay Kristo sa Kanyang pagiging buhay na nagbibigay-kakayahan sa bayan ng Diyos na magkaroon ng gayong isang pamumuhay—Lev. 1:3; Bil. 28:2-3; Juan 5:30; 6:38; 8:29; Heb. 10:5-10.

B. Ang salitang isinaling "handog na susunugin" ay tumutukoy sa isang bagay na umaakyat; ang pag-akyat na ito ay tumutukoy kay Kristo (Lev. 1:3, 10, 14); ang tanging bagay na maaaring umakyat sa Diyos mula sa lupa ay ang buhay na ipinamuhay ni Kristo, sapagkat Siya ang namumukod-tanging persona na makapamumuhay ng buhay na lubusang para sa Diyos (Juan 6:38).

C. Ang handog na susunugin ay "isang mabangong samyo kay [Jehovah]" (Lev. 1:9); ang salitang Hebreo na isinaling "mabagong samyo" ay literal na nangangahulugang "samyo ng kapahingahan o kasiyahan"; ang isang mabangong samyo ay isang samyo na nagdadala ng kasiyahan, kapayapaan, at kapahingahan; ang gayong isang mabangong samyo ay isang pagtatamasa sa Diyos.

D. Sa pamamagitan ng pagpapatong ng ating mga kamay kay Kristo bilang ating handog na susunugin sa pamamagitan ng wastong panalangin, tayo ay naihuhugpong sa Kanya, at Siya at tayo ay nagiging isa; habang namumuhay si Kristo sa atin, inuulit Niya sa atin ang buhay na ipinamuhay Niya sa lupa, ang buhay ng handong na susunugin—b. 4; 1 Cor. 6:17; Gal. 2:20.

E. Sa gayong isang pakikipag-isa, gayong pakikipagkaisa, ang lahat ng ating kahinaan, kapintasan, at kabiguan ay Kanyang kinukuha—2 Cor. 5:21; Gal. 2:20a.

F. Kailangan nating hayaan ang Panginoon na sunugin tayo nang sa gayon ay maging isang patuloy na handog na susunugin tayo upang sunugin ang iba at maging abo upang maging Bagong Herusalem para sa kahayagan ng Diyos—Awit 20:3; Lev. 1:16; 6:8-13; 1 Cor. 3:12a; Apoc. 3:12; 21:2, 10-11, 18-21:

   1. Ang abo ay sumasagisag kay Kristo na nauwi sa pagiging wala; yamang kaisa tayo ni Kristo na naging abo, tayo rin ay nagiging abo, yaon ay, nauwi sa pagiging wala—Marc. 9:12; Isa. 53:3; 1 Cor. 1:28; 2 Cor. 12:11.
   2. Lalo tayong nakikipagkaisa kay Kristo sa Kanyang kamatayan, lalo nating matatanto na tayo ay naging isang bunton ng abo; kapag tayo ay naging abo, hindi na tayo isang natural na tao; sa halip, tayo ay isang tao na naipako sa krus, natapos, nasunog—Gal. 2:20a.

G. Ang paglagay ng mga abo sa silangang panig ng altar, ang panig ng pagsikat ng araw, ay isang pagtukoy sa pagkabuhay na muli—Lev.1:16; Juan 11:25; Fil. 3:10-11; 2 Cor. 2:19:

   1. Kay Kristo bilang handog na susunugin, ang abo ay hindi ang katapusan—ang mga ito ay simula; ang abo ay nangangahulugang inilagay na sa kamatayan si Kristo, subalit ang silangan ay sumasagisag sa pagkabuhay na muli—Marc. 9:31:
   2. Lalo tayong nagiging abo kay Kristo, lalo tayong mailalagay sa silangan, at sa silangan ay magkakaroon tayo ng katiyakan na sisikat ang araw at mararanasan natin ang pagsikat ng araw ng pagkabuhay na muli—Fil. 3:10-11.

H. Sa kalaunan, ang abo ay magiging ang Bagong Herusalem—Apoc. 3:12; 21:2, 10-11:

   1. Dinadala tayo ng kamatayan ni Kristo sa isang katapusan, ginagawa tayong abo, at sa pagkabuhay na muli ang abo ay nagiging mahahalagang materyales para sa pagtatayo ng Diyos—1 Cor. 3:9b, 12a.
   2. Kapag tayo ay naging abo, nadadala tayo tungo sa pagtatransporma ng Tres-unong Diyos upang maging mahahalagang materyales para sa pagtatayo ng Bagong Herusalem—Roma 12:1-2; 2 Cor. 3:18; Apoc. 21:18-21.

**III. Sa pagsasagawa ng Bagong Tipang ministeryo ng Diyos, ang Panginoong Hesus, bilang realidad ng handog na susunugin, ay hindi gumawa ng anumang bagay mula sa Kanyang sarili (Juan 5:19), hindi Siya gumawa ng Sarili niyang gawain (4:34; 17:4), hindi Siya nagsalita ang sarili Niyang salita (14:10, 24), ginawa Niya ang lahat ng bagay hindi sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban (5:30), at hindi Siya naghangad ng Kanyang sariling kaluwalhatian (7:18); hindi Siya kailanman nadismaya dahil Siya ay nasisiyahan lamang sa Diyos (Isa. 42:4; 50:4-5; 53:2a; cf Juan 4:13-14; 6:15; Marc. 9:7-8):**

A. Ang buhay ng Panginoon ay ang Kanyang gawain, Kanyang pagkilos, at Kanyang ministeryo; ang Kanyang gawain ay ang Kanyang pamumuhay, at ang Kanyang pagkilos ay ang Kanyang katangian; sa Kanya ay walang pagkakaiba sa pagitan ng Kanyang buhay, Kanyang gawain, Kanyang pagkilos, at

Kanyang minsteryo; ipinamuhay ng Panginoong Hesus ang Kanyang ministeryo—cf. Luc. 22:26-27; Juan 10:10b; 1 Cor. 15:45b; 1 Juan 5:16a; 2 Cor. 3:6; Fil. 1:25.

B. Ang Panginoong Hesus ay isang tao ng panalangin, kaisa ng Diyos, namumuhay sa presensiya ng Diyos nang walang humpay, nagtitiwala sa Diyos at hindi sa Kanyang sarili sa ilalim ng anumang uri ng pagdurusa at pang-uusig, at Isa na kung kanino si Satanas, ang pinuno ng sanlibutan, ay walang anuman (walang puwang, walang pag-asa, walang pagkakataon, walang posibilidad sa anumang bagay)—Juan 10:30; 8:29; 14:30b; 16:32-33; 1 Ped. 2:23:

   1. Siya ay isang tao sa laman na nananalangin sa mahiwagang Diyos sa dibino at mistikong kinasasaklawan; madalas Siyang magtungo sa bundok o lumayo patungo sa isang pribadong lugar upang manalangin—Mat. 14:23; Marc. 1:35; Luc. 5:16; 6:12, 9:28.
   2. Hindi Siya kailanman nag-iisa, sapagkat ang Ama ay kasama Niya; bawat sandali nasisilayan Niya ang mukha ng Kanyang Ama—Juan 5:19; 16:32; Awit 16:7-8.

C. Noong ninais ni Kristo bilang Diyos na Tagapagligtas na iligtas ang isang imoral na babae ng Samaria, kinailangan Niyang maglakbay mula sa Judea hanggang sa Galilea na dumaan sa Samaria, lumihis Siya mula sa pangunahing daan ng Samaria tungo sa lunsod ng Sicar, at naghintay Siya sa balon ni Jacob, malapit sa Sicar, para dumating ang Kanyang pakay upang kandilihin siya sa pamamagitan ng paghingi sa kanya ng Kanyang maiinom nang sa gayon ay mapakain Niya siya ng tubig ng buhay, na siyang ang dumadaloy na Tres-unong Diyos Mismo—Juan 4:3-14.

D. Nang wala sa mga nagpaparatang na Fariseo ang makapagkondena sa mapangalunyang babae, si Kristo bilang Diyos na Tagapagligtas, sa Kanyang pagkatao, ay nagsabi sa kanya, "Ako man ay hindi rin hahatol sa iyo," upang makandili siya upang Siya, bilang dakilang Ako Nga, ay mapakain siya ng kalayaan mula sa kasalanan at mabigyang-kakayahan siyang "huwag nang magkasala"—8:3-22, 24, 34-36.

**IV. Kapag nanatili tayo sa pag-ibig na siyang Diyos Mismo, ang pag-ibig ay nagiging "sakdal sa atin, upang tayo ay magkaroon ng lakas ng loob sa araw ng paghahatol, sapagkat <u>kung ano ang Isang yaon ay gayundin naman tayo sa sanlibutang ito</u>" (1 Juan 4:17)—ipinamuhay ni Kristo bilang realidad ng handog na susunugin sa mundong ito ang buhay ng Diyos bilang pag-ibig, at Siya ngayon ay ating buhay upang makapamuhay tayo ng parehong buhay ng pag-ibig sa mundong ito at maging katulad Niya (3:14; 5:1; 2:6):**

A. Ang kautusan ng Espiritu ng buhay sa ating espiritu ay ang kautusan ni Kristo bilang kautusan ng pag-ibig (Roma 8:2; Gal. 6:2-3); ang kautusan ng pag-ibig ay kailangang masubstansiya ng kautusan ng Espiritu ng buhay nang sa gayon ay mabigyang-kakayahan tayong pasanin ang kabigatan isa't isa; subalit kung tayo ay punô ng kapalaluan, wala tayong kakayahang pasanin ang kabigatan ng iba dahil nililinlang natin ang ating sarili sa pag-iisip na tayo ay mahalaga gayong tayo ay wala (b. 3).

B. Kapag ang kautusan ng pag-ibig ay kumilos sa loob natin, awtomatiko at kusang-kusa tayong magiging mga pastol na may mapagmahal at mapagpatawad na puso ng ating Amang Diyos at nagpapastol at naghahanap na espiritu ng ating Tagapagligtas na Kristo—Juan 21:15-17; Luc. 15:3-7.

C. Kapag ang kautusan ng pag-ibig ay kumilos sa loob natin, ang ating pagpapagal sa Panginoon ay isang pagpapagal ng pag-ibig (1 Cor. 15:58; 1 Tes. 1:3) kung saan "tinutulungan natin ang mahihina" (Gawa 20:35) at "inaalalayan ang mahihina" (1 Tes. 5:14); *ang mahihina* ay tumutukoy sa mga mahina sa kanilang espiritu o sa kaluluwa o sa katawan man, o mahihina sa pananampalataya (Roma 14:1; 15:1).

D. Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na muli, pinastol ng Panginoon si Pedro at inatasan siyang pakainin ang Kanyang mga kordero at pastulin ang Kanyang mga tupa; ito ay ang ilakip ang ministeryo ng mga apostol sa makalangit na ministeryo ni Kristo upang pangalagaan ang kawan ng Diyos, ang ekklesia, na magreresulta sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo upang mapasukdol sa Bagong Herusalem para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Juan 21:15-17.

*© 2023 Living Stream Ministry*